



Pagbibiyaha na kasama ang mga bata sa sasakyan

Ipinag-uutos ng batas sa Australya na lahat ng mga bata na may edad na mas mababa sa 7 taon ay dapat gumamit ng pamigil (restraint) kung nagbibiyaha na sakay ng kotse. Ito ay upang protektahan ang bata na mapinsala kung sila ay masasangkot sa isang banggaan ng kotse.

Ang uri ng pamigil na kailangan ay nakabatay sa edad at laki ng bata. Ang pamigil ay dapat may tamang sukat para sa bata, naiakma nang mabuti at nahigpitan, at tama ang pagkakakabit sa sasakyan.

Mga bata sa gulang na 0-6 na buwan

Kailangang magbiyahe na may pamigil na nakaharap sa likuran. Ang pamigil ay dapat nasa likurang upuan - HINDI sa unahang upuan.



Mga bata na may gulang na 6 na buwan hanggang 4 na taon



- Maaaring magbiyahe nang may pamigil na nakaharap sa likuran o nasa car seat na nakaharap sa unahan na may in-built na mga strap, depende sa kanilang laki. Ang bata ay kailangang magbiyahe lamang kung may pamigil sa upuan sa likuran - HINDI sa upuan sa unahan.
- Mayroon na ngayong makukuhang mga pamigil na may in-built na mga istrap para sa mga bata na hanggang 8 ang edad.

Mga bata na may edad na 4 hanggang 7 taon man lang




- Maaaring magbiyahe nang nasa car seat na nakaharap sa unahan o booster seat, depende sa kanilang laki. Ang mga booster seat ay nag-uupo sa mga bata sa tamang posisyon upang umakma sa kanila ang seatbelt.
- Ang mga bata na may edad na 4 hanggang 7 ay maaari lang magbiyahe na nakaupo sa unahan (gamit ang booster seat) kung lahat ng mga upuan sa likod ay inuupuan na ng mga bata na mas mababa ang edad sa 7.
- Ang mga booster seat na may istrap para sa likod at sa itaas ay mas ligtas kaysa sa ibang uti ng booster seat.
- Ang mga bata ay dapat gumamit ng booster seat hanggang sila ay may taas na 145 cm. Kung sila ay lilipat sa pang-matandang seatbelt nang wala sa panahon, mas malalantad sila sa risiko na mapinsala kung masasangkot sa isang banggaan.

Pagkakabit ng pamigil

Laging sundin ang mga tagubilin ng maygawa kapag ikinakabit ang pamigil sa bata o booster seat sa inyong sasakyan.

Para sa mga batang may gulang na mas mababa sa 4 na taon, ang pagkakabit ng pamigil ay nangangahulugan na:


- Ang pamigil ay ikakabit sa kotse sa pamamagitan ng paglusot ng seatbelt sa mga minarkahang butas at paghihigpit nito.



- Ang pantaas na istrap ay ikakabit sa kotse.




- Ang mga istrap ay hinigpitan upang maisuot sa bata ang pamigil.



Para sa mga batang mahigit sa 4 na taon ang edad, na nagbibiyaheng nakaupo sa booster seat:

- Kung may pantaas na istrap, ikabit ito sa kotse.
- Dapat nakasuot ang seatbealt sa bata.



Pagpili ng pamigil

Mga pamigil lang ng bata at mga booster seat na tumutugon sa mga pamantayan sa kaligtasan sa Australya (AS/NZS 1754) ang pinapayagang gamitin. Nangangahulugang ang mga car seat na binili sa ibang bansa ay hindi pinapayagan.



Iwasang gumamit ng segunda manong pamigil o booster seat dahil baka ito ay may sira kaya hindi ligtas.

Malaki ang multa at demerit point sa lisensya sa hindi paggamit ng mga pamigil sa bata. Ang mga multang ito ay para sa bawat tao sa kotse na hindi tama ang pamigil.